**Bagong Yugto sa Tugon ng Pamahalaan sa COVID-19**

Kasalukuyang may inaasikasong bata, na nasa malubhang kalagayan, ang King Edward Memorial Hospital, na suspetsang ito ay may COVID-19. Hanggang sa ito ay makumpirma sa pamamagitan ng pagsusuri, nanatili itong isang klinikal na paghahatol o desisyon.

Dahil dito, ang Pamahalaan ng Falkland Islands ay kumilos na bilang pagtugon sa susunod yugto o hakbang, alinsunod sa Infectious Disease Plan at iba pang paghahanda. Pinaparating namin ang aming paglingap o saloobin sa bata, sa kanyang pamilya at kaibigan.

Wala pa tayong kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Falkland Islands, hangga't ang resulta ng pagsusuri mula sa UK ay aming matanggap. Inaasahan namin na tayo ay makapagsuri sa loob ng isla sa lalong madaling panahon ngunit hindi pa natin magagawa ito sa ngayon.

Simula bukas, ipapasara namin ang lahat ng paaralan hanggang sa simula ng bagong term sa ika-4 ng Mayo 2020. Inutusan din namin ang lahat ng mga nursery na magsara para sa parehong panahon.

Simula Lunes, ang Kagawaran ng Edukasyon ay magbubukas para magbigay ng childcare sa anak ng mga mahalaga at pangunahing manggagawa o *essential key workers*. Makikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Edukasyon sa mga magulang na nabibilang sa kategoryang ito. Kung ikaw ay hindi napagsabihan o natawagan, huwag subukang dalhin ang iyong anak sa paaralan.

Ang lahat ng parke na pampalaruan o play parks ay sarado hanggang sa mga susunod na karagdagang abiso.

Kung ikaw ay inabisuhan ng King Edward Memorial Hospital na ihiwalay ang sarili o mag self-isolate sa mga kadahilanang meron kang sintomas ng sipon/trangkaso at nagkaroon ka ng lagnat (na may mataas na temperatura), o ang ibang nakatira sa bahay - lahat ng nakatira sa iyong tahanan, ay kailangang ihiwalay ang sarili o mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw.

Sinumang miyembro ng pamilya na dadating gamit ang eroplano pabalik sa Falkland Islands ay kailangang ihiwalay ang sarili o mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw. Kung hindi nila maiihiwalay ang sarili sa buong miyembro ng tahanan, kailangang ang buong miyembro ng tahanan ay dapat mag self-isolate.

Inaabisuhan na namin ngayon ang lahat na bawasan ang hindi mahalagang mga gawain hanggang sa mga susunod na karagdagang abiso; lahat ay dapat manatili sa loob ng bahay kung kinakailangan, at magtrabaho mula sa bahay kung posible.

Nakikiusap kami na sundin ang mga patnubay sa social distancing. Ang mga mahalagang gawain, ay ang ang kritikal at key work lamang, na kung saan hindi ito maaaring gawin mula sa bahay. Ang mga kategorya ng mga mahalagang gawain ay nakalista sa ibaba.

Ang mga gawain na ito ay MAHALAGA para maprotektahan ang lahat, lalung-lao na ang mga nangaganib o vulnerable, at matiyak na ang demand sa serbisyong pangkalusugan ay limitado.

Susuruing mabuti at ng madalas ang sitwasyon. Maaari itong magbago, kapag nalaman ang resulta ng pagsusuri, maaaring tumungo tayo sa susunod na mga hakbang o ibsan ang mga paghihigpit. Umaasa kami na makuha ang mga resulta ng pagsusuri sa mga susunod na araw.

Ang abiso at mga patnubay ay matatagpuan sa ating website na fig.gov.fk/covid-19 at sa King Edward Memorial Hospital.

**<u>Ang mga kritikal / pangunahing mga serbisyo:</u>**

**Health and social care – kasama ang:**

- Mga doktor, nurses, midwives, paramedics, social workers, care workers at kahit anong kawani ng frontline health at social care na kailangang manatili sa trabaho
- Support at specialist staff na kailangang manatili sa sektor

**Pangunhahing pampublikong serbisyo – kasama ang:**

- Silang mga mahahalaga sa pagpapatakbo ng sistemang panghustisya o justice system
- Silang mga responsible sa namamahala sa mga namatay
- Media at mga tagapagbalita na nagbibigay ng pagsasahimpapawid na serbisyo publiko (public service broadcasting) at ang Government Communications team.

**Gobyerno – mga trabahong administratibo na mahalaga sa pagbibigay ng:**

- Mga tugon sa coronavirus
- Mga pangunahing serbisyo sa regulasyon
- Mahalagang serbisyo publiko, kasama ang pagbabayad ng mga benepisyo, at mahalagang panustos o treasury functions.

**Pagkain at iba pang kinakailangang kalakal – kasama ang:**

- Mga taong may kaugnayan sa paggawa ng pagkain, food processing, pamamahagi ng pagkain, pagbebenta, at paghahatid nito.

**Kaligtasang pampubliko at seguridad ng bansa – kasama ang:**

- Polisya at ang mga kinakailangang kawani nito
- Mga empleyado ng tagapagligtas-sunog
- Mga tagapangalaga ng hangganan o border security
- Mga kawani ng bilangguan at probation

**Transportasyon – kasama ang:**

- Mga kawani ng FIGAS at pasahero ng ferry, at transportasyon para sa freight at mga pasahero na tumutulong sa pag-responde
- Shipping Links kasama ang SAAS
- Mga port operators

**Ibang mahalagang serbisyo, komunikasyon at serbisyong pananalapi – kasama ang:**

Mga kawani na kailangan para sa:

- Mga mahalagang probisyon sa serbisyong pananalapi
- Mga sektor ng kuryente at tubig, kasama ang sewage
- Supply ng fuel
- Sektor ng information technology at data infrastructure

**Mahahalagang kawani na nagtatrabaho sa mga sumusunod na sektor:**

- Telecommunications
- Emergency Repair Workers
- Tagapagbigay ng tirahan o accommodation
- Serbisyo koreyo o postal services
- Mga manggagawa sa agrikultura

Note: Kung hindi malinaw kung saan kasama ang iyong trabaho o gawain, maaaring tumawag sa Secretariat sa numerong 28450.